# Framework sa Kakayahan ng mga Manggagawa sa NDIS: Gabay sa mga Pagpipilian sa Karera

## NDIS Workforce Capability Framework: Career Options Guide

## Filipino

Ang Framework sa Kakayahan ng mga Mangagawa sa NDIS o NDIS Workforce Capability Framework (ang Framework) ay naglalarawan ng mga saloobin, kasanayan at kaalaman na dapat asahan mula sa lahat ng mga manggagawa na pinondohan sa ilalim ng NDIS. Nagbibigay ito ng malinaw, praktikal na mga halimbawa at nagtatatag ng isang ibinahaging wika ng 'kung ano ang hitsura ng mabuti' para sa mga kalahok na tumatanggap ng mga serbisyo at suporta ng NDIS. Sinusuportahan ng gabay na ito ang Workforce Capability Framework.

Ang Gabay sa mga Pagpipilian sa Karera ay makakatulong sa mga manggagawa na pag-aralan ang mga oportunidad sa trabaho at karera sa mga sektor ng kapansanan at mga kaugnay na sektor. Makakatulong ito sa mga taong interesado sa sektor upang maunawaan kung paano nila magagamit at mapapaunlad ang mga kasanayan, kakayahan at interes para sa isang karera sa pagsuporta sa may-kapansanan.

*Maraming paraan para mapalawak o mapalago ang iyong karera sa pagsuporta (support career). Ang pag-unawa kung ano ang mga pagpipilian at kung ano ang inaasahan mula sa iyo ay susi sa paggawa ng mga mahahalagang desisyon.*

## Ano ang dapat asahan

Ang gabay ay nagbibigay-daan sa apat na magkakaibang landas sa mga oportunidad sa trabaho:

- **maghanap** nang marami pang iba't-ibang mga uri ng trabaho sa pagsuporta
- **pagtuunan** ang partikular na uri ng suporta na pagdadalubhasaan
- **suporta** sa pagsama-sama (inclusion) at kadaliang ma-access
- **paglipat** tungo sa supervision o iba pang frontline na ginagampanang trabaho.

Ang gabay ay nagbibigay ng mga mungkahi, at mga bagay na dapat isaalang-alang upang matulungan kang magpasya kung ito ang direksyon na nais mong tahakin. Ang mga tungkulin ay inilalarawan, at ang mga mapagkukunan ng impormasyon at mga tip para sa pagkuha ng susunod na hakbang ay nakalaan. Ang gabay ay nagbibigay ng pangkalahatang payo at dapat mong isaalang-alang ang iyong mga personal na kalagayan at mga kadahilanan bago magpasya sa iyong susunod na paglipat ng karera.

Maaari kang bumalik at pumili ng iba pang mga pagpipilian sa anumang oras. Maaari ka ring mag-download at mag-print ng isang kopya ng gabay upang magamit offline.

## Gabay sa pagsasanay:

Si Bill ay isang manggagawang sumusuporta sa paggawa ng iba't ibang pangkalahatang tungkulin sa pagsuporta. Mahilig siyang makipagtulungan sa mga taong may-kapansanan. Nais niyang gumawa ng isang karera sa sektor at malaman ang higit pa tungkol sa mga pagpipilian tulad ng espesyalisasyon sa pagtatrabaho sa isang partikular na uri ng suporta o paglipat sa isang tungkulin sa pamamahala ng frontline. Hindi siya sigurado kung paano nakahanay ang kanyang mga kalakasan (strengths) sa mga pagpipilian at mga hakbang na kailangan niyang gawin upang umunlad ang kanyang karera.

Ginagamit ni Bill ang **Gabay sa mga Pagpipilian sa Karera** upang maunawaan kung ano ang mga kakayahan na kinakailangan at makakuha ng ilang mga tip kung ano ang susunod na gagawin upang ituloy ang iba't-ibang mga pagpipilian sa karera (career options). Nagpasya siyang ituloy ang kanyang interes sa pagtatrabaho sa mga taong may psychosocial disability, at ginagamit ang impormasyon sa gabay upang planuhin ang kanyang susunod na mga hakbang.

Ginagamit din ni Bill ang **Workforce Capability Framework** upang matulungan siyang maunawaan ang mga karagdagang kakayahan na inaasahan para sa pagsuporta sa mga taong may psychosocial disability.

### Pag-access at paggamit ng gabay

Ang Gabay sa mga Pagpipilian sa Karera ay pinakamahusay na gamitin sa online, gayunpaman, maaari kang mag-download ng bersyon na maaaring magamit offline na nagbibigay ng katulad na impormasyon.

**I-access ang gabay:** Gabay sa mga Pagpipilian sa Karera | Kakayahan ng mga Manggagawa sa NDIS (ndiscommission.gov.au)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Framework o sa pagpapatupad nito, bisitahin ang website**:** https://workforcecapability.ndiscommission.gov.au/.

**Makipag-ugnay sa:** workforcecapability@ndiscommission.gov.au o 1800 035 554.